ILUMINATI: ILANG TALA SA PROSESO NG PAGTULA

Allan Popa

Ang bawat likha ay pagsasanay sa pagkawala. Sa tuwing nagbibigay-anyo ang isang makata sa damdamin at tinig ng persona sa tula na minsan lamang nabibigyan ng pagkakataong umiral sa pahina at magsalita sa gitna ng napakalawak na kawalan, muli't muli niyang itinatanghal ang kaiklian ng buhay ng tao bilang pagtatangka na maunawaan ito. Pagsasadula ang bawat tula kung paanong magsimula at unti-unting lumapit sa napipintong katahimikan na nagbibigay-bisa, bigat, at kahulugan sa salita at pag-iral.

Anuman ang saysay ng ganitong paniniwala, nagbibigay ito sa akin ng pakiwaring isang sagradong bokasyon ang pagtula, kung kaya ibayong responsibilidad ang inaasahan nito mula sa akin. Lubhang seryosong gawain ito na sinisikap kong ibukod mula sa kalakaran ng mundo upang hindi marungisan bagamat likas itong "marumi" bilang awiting itinatagas ng pagiging mortal at pagkakaroon ng katawan. Kumbaga, ito ang huling tanggulan ng aking sekular na pananampalataya. Wika nga ni Emily Dickinson, hindi niya pangangahasang hawakan ang mga salitang hindi niya kayang buhatin. Maselang gawain ang pagtula at sinisikap kong isaayos ang aking mga gawain sa paligid nito upang mabigyan ito ng natatanging puwang sa aking buhay.

Napakapribado at sagrado ng espasyo ng paglikha sa akin at sinisikap ko itong protektahan laban sa pang-araw-araw na kalakaran. Bagamat sinasabi kong ibinubukod ko ang lugar na ito, alam kong mariing nakadiin sa mga hangganan nito ang mga ligalig ng mundong iniiwan pansamantala kapag nagbabasa at nagsusulat ako. Nananatiling ang kalakhan ng nasa labas ang pinakakahulugan. Ang ingay nito ang itinitimbang laban sa katahimikan. Tinutumbasan ng piling-piling mga salita ang halaga. Ang madidilim na salitang mariing tinitipa sa pahina ay ang bakas ng mga puwersang dinanas sa labas na patuloy pang dinarama ng katawan at isipan, mga ligalig at pangambang nanunuot sa loob ng silid.

Sa aking pagtula, naging gawi ko nang ilagay ang persona sa katapusan. Hindi ko alam kung biyaya o sumpa ang pagkakaroon ko ng imahinasyong pumapanday ng anumang karanasan sa anyo ng trahedya, ng pagtinging laging pinangungunahan ang nakatakdang pagkawala. Sa negatibong pananaw na ito ng pag-iral, ang mga tauhan ng aking tula ay pawang nahusgahan na at hindi matakasan ang tadhana ng kanilang katawan, ng pagkatao: mga pigurang bato na napatda sa grabedad ng makahulugan o ritwalistikong aksiyon: ang pagpupumilit na may makadaupang palad at matawid ang walang-hanggang pagkakawalay ng tao sa kapwa. Sa puwersa sa pagi-pagitan ng isinumpang mga nilalang na hindi matatawid kailanman ang kanilang takdang pag-iisa hanggang sa oras ng kamatayan, maigting ang puwersa na siyang pilit na pinaliliigiran ng mga salitang bumubuo sa tula.

Sa mumunting kuwadrong ito ng dramatikong liriko, iilan lamang ang kulay. Payak ang mga hugis ng tao. Pinili kong gumamit ng poetikang aangkop sa mapaghusgang pananaw na walang-tiyagang maglarawan. Inibig kong tapyasin ang labis. Ninais kong patalasin ang mga linyang nagmamadaling

marating ang huling katahimikan. Sinubukan kong paigtingin ang tensyon sa pagi-pagitan ng mga payak na pahayag. Ginutom ko ang mga tula hanggang mangayayat at maulol sa pangangailangan. Walang panahong maghintay at sumailalim sa engkanto ng lirikal na kagandahan.

Ang tula ay ang katahimikang pinaliligiran ng piniling mga salita, ang tinutugis na kaibuturang udyok din ng pahayag: di-materyal at mailap. Matututnton lamang ng mga salita ang kagiliran nito, panandaliang mapanghahawakan ng maingat na mga kamay bago muling humulagpos sa pandamdam. Kaya naman pinakakain ng kawalang-katiyakan at kawalang-kapunuan ang bokasyon ng makata: walang katapusang pagpupumiglas upang muli't muling tangkaing unawain ang hindi lubusang mauunawaan, sapat nang may masilayan panandalian lagpas sa ating alam, kahit na muli ring maipadarama pagkaraan ang ating kabiguan dahil hindi natin ito mapanghahawakan. Kahit na muli lamang nitong mapapawari ang hangganan ng ating pagiging mortal, na hangganan din ng ating wika.Kaalinsabay ng pag-usad sa pahina ng mga salitang bumubuo sa tula ang paghahayag ng isang natatanging hiling na umaantala sa napipintong katapusan, isang panandaliang paninindigan, ayon sa makatang si Allen Grossman, laban sa tuluyang paglaho.

Kapwa biyaya at sumpa ang pagkakaroon ng pagkakataon na maipahayag ang paninindigan laban sa napipintong paglaho. Isang pribilehiyo ang kakayahang makakita lagpas sa abot-tanaw ng pag-iral ngunit bago ito matamo, kailangang mabuhay sa ligalig ang makata, kailangang patuloy niyang buhayin ang pagka-hindi-mapalagay sa kanyang kalagayan: ang hindi pagtahan sa pananahan na siyang nag-uudyok sa akin para tumula. Paano ba liligaya sa ganitong kondisyon? Bagamat puno ng pangamba ang kalagayang ito, may kakaibang ligaya ring naipadarama ang pagdaan sa proseso ng ligalig, ang pananahan sa suliranin. Tila mas nalalasap ang halaga ng pahayag kapag idinarang ito sa apoy at dahas ng pagpapanday. Wala nang ibang mas makadarama ng mga puwersang ito kundi ang katawan at isipang maselan sa harap ng suliraning nag-uudyok sa atin upang itula ang isang karanasan.

Ano nga ba ang mga katangian ng karanasang karapat-dapat itula? Anong uri ng suliranin ang lumilikha ng kakaibang ligalig na sumasapat upang maisakatuparan ang tula sa pahina? Sa aking pagtataya, nakamihasnan ko nang paksain ang mga karanasang pumupukaw ng nagtatalong kaisipan at magkakasalungat na damdamin, mga sitwasyong hindi pa lubusang maunawaan kahit nakalipas na, mga pangyayaring lumikha ng maraming tanong na nag-uudyok sagutin bagamat sadyang walang solusyon ang ganitong uri ng suliranin. Para sa akin, trabaho ko bilang makata na hulihin sa salita ang mga dramatikong karanasang napag-iiwanan ng daloy ng panahon dahil hindi kailanman nalulutas, mga moral na suliraning nananatiling maigting.

Maaaring ang punlang suliranin na binabalak itula ay magsimula sa isang abstraksyon; maaari ring sa isang partikular na pangyayaring naobserbahan o naranasan. Kung nagsimula sa isang abstraksyon, sa palagay ko, hindi dapat nag-iisip agad ng tauhan o persona sa isang sitwasyon na maaaring kumatawan dito dahil alam kong magmimistulang ilustrasyon lamang ang tula ng isang ideya. Kapag naging ganito ang proseso ng konseptwalisasyon, tila walang buhay ang kalalabasang tula dahil papet lamang ang lilikhaing persona na sumusunod sa galaw ng mabigat na kamay ng may-akda. Mas ninais kong maobserbahan muna ang partikular na manipestasyon ng kaisipan sa realidad upang masuri ang kabuuang salimuot nito. Nangangailangan ito ng matiyagang paghihintay.

Natatangi ang suliraning kinakaharap ng makata sa bawat tulang binabalak niyang isulat dahil natatangi rin ang suliraning kanyang pinapaksa na humihingi ng matalas na pag-iisip upang maunawaan. Pinaiigting ang ligalig ng makata sa harap ng blangkong papel ng suliraning mahanap ang pinakamabisang anyong kakatawan at magtataglay ng pulso ng suliraning pinapaksa. Kinakailangang maging matapat ang makata sa kalikasan ng suliraning itinutula upang maitatanghal sa pahina ang kabuuang salimuot nito. Hindi matatahimik ang makata hangga't hindi niya ito naipahahayag sa wika, hanggang hindi ito umiiral sa pahina.

Masalimuot ang bawat suliraning pinapaksa sa tula. Maraming magkakasalungat na puwersang nakadiin sa sitwasyon na kinakailangang mawari ng makata at maisaalang-alang sa kanyang pagtula. Ang landas na tatahakin ng kanyang isip sa pagsisikap na maunawaan ang ugnayan ng mga puwersang ito ang landas na tatahakin din ng tula sa pahina. Sa dawag ng mga tunggalian, kinakailangang paganahin niya ang matalas na isipan upang humawan ng katwiran na tataluntunin at itatanghal ng kanyang mga taludtod. Habang nakadiin ang mga puwersa sa kanya, madarama ang paggiit ng matatag na isipan sa pagsulong ng mga pahayag hanggang matahimik siya. Sa ganitong paraan natatapos ang tula.

Sa katapusan ang mamamayani sa pahina ay hindi ang tinig ng makata kundi ang tinig na panandalian niyang hinayaang umiral sa pahina. Sa ganitong paraan ko inuunawa ang konseptong negative capability ni Keats, bilang proseso ng pakikitunggali at pagpaparaya. Sa pagtula, nakikitunggali ang makata sa kumokontrang mga puwersa na maaaring bumaluktot sa landas o magpabago sa direksyon ng isipan sa patuloy nitong paggiit ng kanyang paninindigan. Kailangang tanggapin ng makata na ang kanyang paninindigan ay isa lamang sa maraming puwersa ngunit hindi ito nangangahulugahang kanya itong isusuko. Sa kalaunan, lilitaw ang tinig na hindi niya sinadya, ang resulta ng pagpaparaya ng makata. Nagtatagumpay lamang ang tula kapag handang mabigo ang kalooban o predeterminasyon ng makata.

Sa aking palagay, ito ang nagpapahirap sa proseso ng pagsulat ng tula. Para matupad ito, kinakailangang mapasok ng kamalayan at katawan ng makata ang pinakapuso ng suliranin kung saan nagtatagpo ang lahat ng magkakasalungat na puwersa. Hinihingi lagi sa kanya ang talas at tatag ng isipan upang mahiwa ang iba't ibang hadlang at masalat ng kamay ang mga silid ng nagtatalong damdamin na pinaiigting ng salimuot. Sa isang tunay na makata, maligaya ang pagdanas ng kahirapang ito sa pagtula dahil dito nasusubok ang kanyang kakayahang magsalita. Madaranas niya ang limitasyon ng kanyang wika: hadlang na magpapatahimik at liligalig sa kanya ngunit kinakailangang mapangibabawan upang may masabi siyang bago. Sa pakikiramdam, pagsusuri at proseso ng artikulasyon ng suliranin, ang moral na suliran ay tinatagpo ang estetikong suliranin ng pagtula. Paano nga ba mabisang itatanghal sa lunan ng pahina kung paano danasin ang pinapaksang suliran? Paano lilikhain sa pagdaloy ng mga taludtod ang mga tensiyong pinukaw sa panahong nalalagay ang tao sa ganitong sitwasyon? Paano pananatilihin, gamit ang mga pamamaraan sa pagtula, ang salungatan ng mga puwersa at damdamin na walang kalutasan? Kinakailangang makipagbuno ang kanyang isipan sa mga puwersang aktibong nakadiin sa karanasan at tataglayin ng kanyang mga salita pagkaraan ang bakas ng tagisan.

Nais kong ilarawan ang mga kaisipiang nailahad ko sa pamamagitan ng karanasan ko sa pagtula ng "Iluminati" na bahagi ng koleksiyong binubuo ko sa ngayon. Bago ko napagpasyahang sulatin ang tulang ito, malaon akong niligalig ng misteryosong udyok ng mga ritwal ng pagsasakripisyo sa relihiyong Katoliko tuwing Semana Santa. Hindi ko ganap na nauunawaan ang halina nito sa akin dahil maselan

ako sa mga sitwasyong nagpapakita ng pagdurusa ng tao lalo na ng matinding sakit, kaya nga pinakaiiwasan ko ang pumunta sa mga ospital sa takot na makakita ng labis na pasakit. Madali akong mangimi sa harap ng sugat na para bang nadarama ko mismo ang matinding sakit na nararanasan ng iba. Ang alam ko lamang, interesado ako sa debosyon ng mga tao sa kanilang pananampalataya na aabot sa puntong tataglayin nila mismo sa kanilang katawan ang mga sugat ni Kristo bilang pakikibahagi sa kanyang dakilang sakripisyo. Napakabigat din ng epekto sa akin ng larawan ng mga nagtitikang nagmamartsa sa kalsada bagamat sa panahong iyon, hindi ko pa ito nasasaksihan nang harapan. May grabedad ang kanilang aksyon na alam kong maigting ang taglay na kahulugan. Ngunit alam ko ring kapag pinaksa ko ito, maaaring wala akong masabing bago ukol sa kanila. Patuloy ko itong pinagnilayan at naipahayag ko sa ilang kaibigan ang balak kong pag-aralan ang pagdanas ng sugat ng isang Katoliko. Napagbiruan nga namin na maaaring matagpuan na lamang nila ako isang araw sa ward ng mga may kanser at nakatitig sa kanilang paghihirap sa pag-asang may kabatiran itong masisiwalat sa akin.

Hindi nga sila nagkamali dahil noong Biyernes Santo ng 2006, pagkagaling sa pagdiriwang ng kaarawan ng isang kaibigan, tumungo ako sa Quiapo upang masaksihan sa wakas ang taunang penitensya ng mga namamanata. Madaling araw pa lamang noon at nadaanan ko sa kahabaan ng Quezon Avenue at España ang mga deboto ng Nazareno na naglalakad nang walang sapin ang mga paa at walang anumang dalang pag-aari kundi ang kanilang damit. Ang marami sa kanila ay may tangang imahen ng itim na Nazareno, iba-iba ang postura at laki, iba-iba ang palamuti. Habang nag-uumaga, dumami nang dumami ang dumadagsa mula sa lahat ng direksyon upang magtipon sa simbahan ng Quiapo. Ilan sa kanila ay nakadamit ng kulay granateng bestido katulad ng sinasambang imahen. Pagdating ko sa simbahan, namangha ako nang masaksihan na marami sa kanila ang paluhod na umuusad palapit sa altar.

Nang ganap nang magliwanag ang paligid walong lalaki ang nagtipon sa harap ng simbahan; nasasakluban ang kanilang ulo ng damit-pang-itaas upang hindi sila makilala. Sinimulan ang pagpapakasakit nila sa paglikha ng mumunting hiwa sa kanilang likod gamit ang bleyd ng ilan sa kanilang kasamahan. Unti-unting tumagas ang kanilang dugo. Sa simula, hindi ko ito nakayang tingnan nang lubusan ngunit sa kagustuhan kong mapag-aralan ang sitwasyon, pinilit kong titigan ang kanilang mga sugat. Pagkaraan sinimulan nilang hampasin ang sarili gamit ang nakabungkos na mga patpat. Sa bawat hampas, tumitilamsik ang kanilang dugo kung kaya bahagyang lumayo sa kanila ang mga nagtipong manonood. Katulad ko, marami ang umiwas tingnan ang kanilang pagpapakasakit ngunit tila may mahiwagang udyok na nagpanatili sa amin sa aming kinatatayuan.

Lahat ng penitentes ay may koronang tinik. Naisip kong isang kabalintunaan na kahit napakapubliko ng kanilang pagdurusa, kahit hubad na hubad ang kanilang mga sugat sa madla, nananatiling anonimo ang kanilang palabas dahil natatakpan ang kanilang mukha. Bakit nga ba kahit nangingimi ang marami sa ganitong tanawin, hindi pa rin nila maiwasang manood? Marahil nga ang kanilang sugat ay kinababahagian ng lahat kaya't madaling maramdaman ng iba ang kanilang hapdi.

Nang magsimula silang maglakad, napansin kong bulag sila sa kanilang dinaraanan at ang tanging gumagabay sa kanilang paglalakad sa lansangan ay ang tunog ng paghampas sa sarili ng nauuna sa kanila. Nahawan ang mga tao sa pag-iwas na matilamsikan ng kanilang dugo. Nabatid ko na kapag isinara ang mga mata at pinakinggan lamang ang tunog ng paghampas, mawawaring wala itong pinagiba sa tunog ng wind chimes, isang musikang nakapagpapayapa ng damdamin sa halip na gumambala.

Hindi ko na nagawang sundan ang kanilang pagpuprusisyon sa mga eskinita sa paligid ng simbahan ng Quiapo. Sa patuloy na pagbuka ng kanilang mga sugat na lalong pinahahapdi ng tumitinding sikat ng araw, patuloy na mababanaag sa mukha ng mga manonood ang sakit na nararamdamn nila para sa kanila. Sapat na ang aking nakita. Matagal na nanatili sa aking talaan ang mga kabatirang ito bago ako nagpasyang tumula.

Hindi blangkong papel ang aking hinarap sa panahong tinangka kong itula ang karanasan kundi ang naipon kong mga tala. Sa pagbabasa nito, sinikap kong maramdaman muli ang udyok na pumukaw sa aking interes sa paksa. Sinikap kong manahan sa loob ng suliranin. Sinikap kong buhayin ang ligalig. Sa karanasan ko sa pagtula, isa sa pinakamahirap na gawain ang pagsisimula ng tula. Kinakailangan kasing mapawari sa unang linya pa lamang na may makahulugang katahimikan na binabasag ang unang pahayag. Ang pinakamabisang pambungad sa akin ay madalas na nagpapadanas ng aksyong in medias res upang agad na madala ang tinig sa pinakamaigting na tensyon ng kinapapaloobang dramatikong sitwasyon. Dapat ding isaalang-alang sa pag-iisip ng unang linya ang ritwalistikong aksyon na kakatawan sa suliranin. Proseso ito ng pagsalat sa hubog ng resultang puwersa kapag natuos na ang mga puwersang nagtatagisan sa sitwasyon. Kinakailangan ang matamang pagkilala kung aling aksyon ang kakatawan sa puwersang ito, ang magtataglay ng puwersang ito dahil hinubog ng mga puwersang isinaalang-alang. Dapat na maganap nang sabay: ang pagkatuklas ng himig ng unang linya at ang ritwalistikong aksyon na ipararanas ng linyang ito bago ko masabing may sapat nang puwersa ang tula na magdadala sa katapusan nito.

Hayaan akong maghain ng isang analohiya. Mula sa kapanatagan ng rabaw ng dagat na manaka-naka lamang na ginagambala ng mumunting alon-alon, masasaksihan at maririnig ang marahas na pamumuo ng isang malaking alon: unti-unting bumabangon mula sa patag, nagbabadya, nagmamadali patungo sa ating kinatatayuan, at pagsapit ng sukdulan ng kaya nitong maiahon, biglang mababasag sa dalampasigan, sisirit sa paggapang bago tuluyang manahimik, at hatakin muli ang tubig pabalik. Kapag pinagmamasdan ko ang aksyong ito, ginuguni-guni ko ang resultang puwersang tinataglay at nagpapagalaw sa tubig na panandaliang nagkakaroon ng tiyak na hubog kahit walang sisidlan. Katulad ng tula, ang hubog ng alon ay itinatakda ng puwersang nag-udyok at nakapaloob dito. Isang malalim na buntonghininga ng dagat.

Sa kaso ng "Iluminati," pinakamaigting para sa akin ang tensiyon sa pagitan ng penitentes at ng mga manonood: ang kawalang mukha ng matinding pagpapakasakit sa sarili at ang pangangailangang may sumaksi sa espektakulong ito kahit na mahirap. Matagal akong nanahan sa pagitang iyon at kinilala ang mga salik ng suliranin. Makaraan ang maligalig na pagtataya, narinig ko ang himig at ritmong alam kong mapagsisimulan ng aking tula.

Huwag kukurap huwag babaling palayo huwag iiwas

Sa pakiwari ko, nahuli ng iisang aksyong ito ang himig ng pagpupumiglas ng kagustuhan kong maunawaan ang pangunahing suliranin ng karanasan samantalang ramdam din ang udyok na bumaling palayo: nagtatalong damdamin na kapwa ko naranasan sa mga sandaling iyon. Ito ang panimulang aksyong-pahayag na magbibigay hubog sa ritwalistikong aksyon ng tula. Taglay ng pambungad na taludtod ang karga o enerhiya na kailangang sumapat upang dalhin ang pahayag sa tamang wakas. Taglay rin nito ang natatanging hininga ng isang tinig na nagsisikap marinig, ang paghinga na sukat ng

tula. Taglay ang udyok na puwersang mananalaytay sa mga taludtod, puwersang bibigyan ng hubog sa pagsasama-sama ng mga elemento ng tula.

Isinaayos ko pagkaraan ang mga detalyeng nakatala sa pahina, sinubukan ang iba't ibang kombinasyon ng pagkakasunod-sunod, tinangkang pagtagni-tagniin ang mga pira-piraso, nag-iwan ng sapat na puwang sa iba't ibang bahagi, lumikha ng tensyon sa pagitan ng taludtod at mga pangungusap, sa pagitan ng mga pahayag, binago muli't muli ang mga linya kapag hindi umakma sa isa't isa, pinili ang mga detalyeng ugnay at higit na nagpapakita sa hubog ng suliranin. Sa buong prosesong ito, nilinaw kong muli ang hubog ng pangunahing aksyon ng sitwasyon na kailangang maging kaalinsabay ng pangunahing aksyon ng pahayag.

Nahahati sa tatlong bahagi ang tula na pawang may kabalintunaang tuwirang ipinahahayag. Ang bawat bahagi ay nahahati sa tatlong taludtod na may saknungang 2//1. Sinikap kong batakin ang bawat linya at pinatalas ang tensyon ng kabalintunaan sa pamamagitan ng sunod-sunod na enjambment. Walang taludtod na may sariling integridad at wala ring mga bantas sa loob ng bawat bahagi na maghahati sa mga pariarala dahil ninais kong maghalo at magsalungatan ang mga pahayag bilang dramtisasyon sa wika ng suliraning ipinahahayag.

Sa aking pagtataya ng magiging pakana, wikang diskursibo ang naaangkop na paraan ng pagpapahayag sa marami sa mga suliranin sa koleksyong ito. Kailangan ko ang himig ng kawalang-pasensya. Ang mapuwersang aksyon ng pahayag mismo ay nakita kong magsisilbing talinghaga sa mga tula. Ngunit ang paggamit ng diskursibong wika sa mga tula ay hindi nangangahulugan ng pagiging didaktiko. Hindi ko ibig magpanukala ng sagot sa mga isinabit na pananong, o solusyon sa mga itinatanghal na suliranin. Nanatiling sentral na udyok ng paghahanap ng mabisang anyo ang pagpaigting ng magkasalungat na panig (polarisasyon) ng kabalintunaan upang ganap na maipadama ang salimuot at puwersa ng suliranin. Dahil dito, hindi rin nangangahulugang maligoy na pananalita ang diskursibong paglalahad sa mga tula rito. Sa halip, ang mapangatuwiran o malasanaysay na pananalita na ginamit ay nakapaloob pa rin sa lirikong tradisyon ng pagtula. Isa lamang ito pakana upang paigtingin ang dramatikong sitwasyon sa sandali ng pagpapahayag.

May panganib na sa paggamit ko ng malaprosang wika, prosa ang kalalabasan at hindi tula. Upang maiwasan ito, mahalagang lagi't laging malay ang pandinig sa ritmo ng pahayag upang hindi lumaylay ang mga taludtod. Higit na malapit ang panganib na ito dahil mahahabang taludtod ang aking ginagamit sa marami sa mga tula upang mas magkalugar ang sikad ng agresibong isipan sa kanyang aksyon. Isang solusyon upang magtakda ng regular na ritmo sa loob ng taludtod ay ang paggamit ng internal na tugma at anapora, madalas bilang negasyon upang magpadama ng karagdagang puwersa ng pahayag.

Mas nilinang ko ang tensyon sa pagitan ng mga taludtod na nagsasalungatan ang kahulugan upang katawanin din ang pinapaksang nagbabanggaang ibig. Sinikap kong tahakin at maipadanas ang arko ng isang mapuwersang aksyon sa mga tula na malalakbay sa isang buntonghininga kung kaya sinikap kong magpahayag gamit ang mahahabang pangungusap na miminsan lamang nahahadlangan ng mga bantas upang lalong mapabilis ang pagbasa. Sa ganitong paraan, tila walang humpay ang pahayag ng mga paratang na nagsusuri sa sarili. Sinikap ko ring tuklasin ang kakayahan ng negasyon. Kinailangang gumamit ng bokabularyo ng pagtanggi. Ng pag-ayaw. Ng hindi. Ng wala.

Ikalawang panauhan ang ginamit ko sa tula bilang pahayag ng pagkakahati ng sarili sa pagitan ng ako at ng nililitis na ikaw at ng pagiging labas sa sariling hindi na maaaring tahanan ng kamalayang lumalabis sa katawan sa pagdanas ng moral na suliranin. Mas mariin ang pagbibintang kung gamit ang panauhang ito na pinairal upang mapaigting ang drama ng mga diskursibong pahayag sa tula.

Sa araw na tinangka kong buuin ang tulang "Iluminati;" ito ang naging daloy ng mga detalyeng napili ko mula sa mga pahinang punong-puno ng mga kaisipan at obserbasyon na nagluwal pa ng ibang ideya habang pinag-iisipan ang hubog ng suliranin:

Huwag kukurap huwag babaling palayo huwag iiwas ipako
ang tingin upang makita dahil hindi sapat na madama itong

nagtutulak sa iyo upang kumurap bumaling palayo umiwas.

Gaano kalalim na paghiwa sa balat laman buto ang kaya mong
titigan gaano katagal na babalong tatagas titilamsik ang dugo

sa kanilang likod bago mo makilalang hindi iyo ang sugat.

Huwag tatahan huwag mahahalina sa kumpas ng paghampas;
mas malalim kaysa kayang maghilom ang salang inako mo

sa iyong katawan: ang pagnanasang makaahon mula sa katawan.

Napakalakas ng puwersa ng ligalig sa bingit ng pagtula na sasapat upang bigyan ng puwersa ang makata sa kanyang pagtula kung ang moral na suliraning nais itula at sa kaakibat na estetikong suliranin sa pagtula nito. Sa madaling salita, ang proseso ng pagtula sa akin ay paghawan ng landas ng isipan sa dawag ng posibilidad na nakatala sa pahina patungo sa kabatiran. Ito ang landas ng katuwiran, ng mga pasya, ng paninidigan, ng pagsusumikap ng isipan na maunawaan ang kabuuang salimuot na kinasasangkutan na bagamat walang resolusyong kahahantungan ay tila paghahanap na rin ng landas palabas sa isang laberinto. Ang bakas ng nilandas ng isipan ay ang mismong tula na binubuo ng mga salitang kapwa akin at hindi-akin. Maaari at hindi maaari.